REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

# KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 99-027

**KAUTUSANG PANLUNGSOD PARA SA "HOUSE TAGGING" SA KAHABAANG RILES NG PNR MULA BARANGAY TUNASAN HANGGANG BARANGAY SUCAT, LUNGSOD NG MUNTINLUPA, AT ANG PAGLALAAN NG PONDO PARA DITO.**

*********************************************************************

Ipinanukala nina : **KGG. DANTE S. ALMARIO**
**KGG. MARIO E. BULAY, JR.**
**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
**KGG. ELMER S. ESPELETA**
**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
**KGG. BAL NIEFES**
**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
**KGG. RAUL R. CORRO**
**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
**KGG. NICANOR L. ECHAVEZ, MD**
**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**

*********************************************************************

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng **Seksiyon 458 (2) (xiv)** ng **Kodigo ng Pamahalaang Lokal** ang pagkokontrol o pamamahala (regulation) hinggil sa **"house numbering"** ng mga bahay, gusali at iba pang istraktura;

**SAPAGKAT,** ang pagpapatupad ng **"house tagging"** sa kahabaang riles ng *PNR* ***mula Barangay Tunasan hanggang Barangay Sucat, Lungsod ng Muntinlupa*** ay lubhang kinakailangan upang mapigilan ang pagtatayo ng bagong istraktura at pagdami ng mga dayuhan sa nasabing lugar;

**SAPAGKAT,** layunin din ng kautusang ito na maiparating ng mabilis ang mga sulat at iba pang serbisyo na lubhang suliranin ng mga kartero, case server, maniningil (collector) at iba pang kahalintulad nito dahil sa kawalan ng numero ng mga bahay;

**NGAYON, DAHIL DITO,** isinasabatas ng ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ang mga sumusunod:

**Seksiyon 1.** Ang ***Tanggapan ng Urban Poor Affairs*** ang magiging *Pangkalahatang Tagapamahala* para sa proyekto, sa pakikipagtulungan ng ***Tanggapan ng Inhinyeriya, Management Information System, Social Services Development, Pamahalaang Barangay at Home Along the Riles Federation*** at iba pang akreditong samahan sa tabing riles. Ang mga nabanggit ding tanggapan ang maghahanda ng *plano, laang gugugulin, espesipikasyon, proseso at materyales* na gagamitin para sa proyekto. Sila rin ang magsasagawa ng pagsesensus ng kabuuang bilang ng mga pamilya at bahay na lalagyan ng **"tagging"** sa kahabaang riles ng **PNR** mula **Barangay Tunasan hanggang Barangay Sucat**, Lungsod ng Muntinlupa.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**Seksiyon 2.** Ang ilalagay na materyales para sa "house tagging ay kinakailangang magkakaparehas (uniform) at may opisyal na logo ng Pamahalang Lungsod ng Muntinlupa, barangay na nakakasakop at pangalan ng lugar (street name).

**Seksiyon 3.** Ang laang gugugulin para sa pagpapatupad ng kautusang ito ay kukunin sa ***Special Activities Fund (SAF)*** ng *lahat* ng **Miyembro ng Sangguniang Panlungsod.**

**Seksiyon 4.** Ang kautusang ito ay magkakabisa kaagad matapos ang pagpapatibay.

**PINAGTIBAY,** ng ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong 14 **Abril 1999,** sa ginanap na ika-34 na Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

***Mggl.* RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

***Mggl.* JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

***Mggl.* PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

***Dr.* NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

*Pahina 3*
*Kautusang Panlungsod Blg. 99-027*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor/Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor/Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kautusang ito.

**NECITO M. GUICO**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
*Pang. Punonlungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

***Mggl.* JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:*________